**Pamagat**: Ang Mga Ketongin

**Bible Text**: 2 Kings 7:3-4 "And there were four leprous men at the entering in of the gate: and they said one to another, Why sit we here until we die? 4 If we say, We will enter into the city, then the famine is in the city, and we shall die there: and if we sit still here, we die also. Now therefore come, and let us fall unto the host of the Syrians: if they save us alive, we shall live; and if they kill us, we shall but die."

*Pagsasalin*: 3 Noon ay mayroong apat na ketongin sa pasukan ng pintuang-bayan; at kanilang sinabi sa isa't isa, "Bakit nauupo tayo rito hanggang sa tayo'y mamatay? 4 Kung ating sabihin, 'Pumasok tayo sa lunsod,' ang taggutom ay nasa lunsod, at mamamatay tayo roon; at kung tayo'y uupo rito, tayo'y mamamatay rin. Kaya't tayo na, pumunta tayo sa kampo ng mga taga-Siria. Kung ililigtas nila ang ating buhay, tayo'y mabubuhay; at kung tayo'y patayin nila, talagang tayo'y mamamatay."

**Panimula**:
1. Ang Samaria ay sinakop ng Syria at nagkaroon ng matinding taggutom doon.
2. Sa sobrang lupit ng taggutom ay kinakain na ng tao ang sarili nilang mga anak. (2 Kings 6:29)
3. Galit na galit si King Jehoram ng Israel dahil sinabihan siya ni Prophet Elisha na huwag patayin ang mga Syrian soldiers noong may pagkakataong patayin sila (2 Kings 6:31).
4. Subalit sinabihan siya ni Elisha na huwag mag-alala dahil sa loob ng 24 hours ay kakalas na sila sa pananakop ng Syrian army at magkakaroon sila ng masagana at magagandang mga pagkain at kayamanan.
5. Kaya dito pumasok ang apat ng ketongin.
6. Ang mga ketongin ay ankop na larawan ng mga makasalanang tao na may "death sentence" – walang-pagasa.
7. Pero nakatagpo ng grasya!

**I. Pagiisip.**
- A. Kahit paano ito nagawa – ito ay nauunang bahagi ng Bagong Kapanganakan.
- B. Hindi ito ay ang Bagong Kapanganakan, kundi unang bahagi muna.
- C. Paano maliligtas ang mga walang pakialam? Wala silang pag-asa.

**II. Pagdurusa.**
- A. Sa makasalanang tao – dapat matanto nila ang pagkabalisa ng kasalanan.
- B. Dapat rin mabalisa sila sa katotohanan ng ikalawang kamatayan.
- C. Sa kwento ng 2 Kings 7 – may dakila at malubha at nakamamatay na tagutom – pero sa kabilang buhay ay mayroong impyerno.
- D. Ang pagdurusa ay hindi pagbabago – o Bagong Kapanganakan.

**III. Kasagutan.**
- A. Si Jesus lamang ang lunas.
- B. Kung paano ginawa ng Dios na takutin at alisin ang mga Syrian soldiers – ang kaligtasan ay ganito rin – tanging gawa ng Dios.
- C. Kailangan natin bilang mga ketongin ay pumasok tayo sa Panginoong Jesus.
- D. Ito ang pagiging "Born Again" – ang magtiwala at kilalanin na si Jesus lamang ang Panginoon at Tagapaglistas.

**Katapusan**:
1. v.8 – sobrang tuwa at ligaya nila.
2. v.9 – mayroon silang pananagutan na tulungan ang iba.